

**Isang gabay para sa
Mga Komunidad ng
Pananampalataya tungkol
sa Pamamaraan para sa
Dapat Iulat na Pag-uugali**



Pagtatatuwa: Nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon lamang ang gabay na ito. Sinadya ito para tulungan ang mga Komunidad ng Pananampalataya na sumunod sa Pamamaraan para sa Dapat Iulat na Pag-uugali. Habang ginagawa ang lahat ng pag-iingat sa paghahanda ng gabay na ito, hindi ito sinadya na maging legal na payo. Dahil nagbabago ang batas at mga legal na kinakailangan sa paglipas ng panahon, dapat kumpirmahin ng mga organisasyon ang mga legal na kinakailangan na nalalapat sa kanila at kumuha ng legal na payo tungkol sa kanilang partikular na sitwasyon.

Pagprotekta sa mga bata mula sa pang-aabuso

Hindi katanggap-tanggap ang pang-aabuso sa bata. Lahat tayo ay may legal at moral na pananagutan para protektahan ang mga bata, at para siguruhing ligtas sila.

Tayong lahat, kasama ng ating mga relihiyosong komunidad, ay kailangang magtaguyod ng kasanayan at kaugalian sa loob ng ating mga organisasyon para hadlangan at pigilan ang pang-aabuso. Kailangan natin ng mga mekanismo ng pag-uulat sa ating mga organisasyon at komunidad para harapin ang mga paratang ng pang-aabuso, nang masinsinan, mabilis at patas. Maikling ilalarawan ng dokumentong ito kung paano harapin ng mga relihiyosong organisasyon ang mga paratang ng pang-aabuso sa mga bata.


Nagpatupad ng mga batas at alituntunin sa Victoria na magbabago sa mga inaasahan sa mga organisasyon

kung paano nila pigilan ang pang-aabuso sa bata, at kung paano nila pangasiwaan ang mga paratang ng pang-aabuso. Kinakailangang iulat at imbestigahan ng lahat ng relihiyosong organisasyon ang lahat ng paratang ng pang-aabuso sa bata at maling pag-uugali na may kaugnayan sa bata.

Ang **Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan (ang Komisyon)**, na itinatag noong 2013 ng pamahalaan ng Victoria, ang namamahala sa **Pamamaraan para sa Dapat Iulat na Pag-uugali (ang Pamamaraan)**¹ na inuutusan ang mga organisasyon na iulat, imbestigahan at tumugon sa mga paratang ng pang-aabuso sa bata at maling pag-uugali na may kaugnayan sa bata. Ibinigay sa bandang huli ng dokumentong ito ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng Komisyon.

¹ Itinatag ang Pamamaraan ng *Batas sa Kapakanan at Kaligtasan ng Bata 2005* (ang *Batas*)

Kamakailang Kasaysayan



Ano ang Pamamaraan para sa Dapat Iulat na Pag-uugali

Idinisenyo ang Pamamaraan para masiguro na malalaman ng Komisyon ang bawat paratang ng malubhang maling pag-uugali na nagsasangkot sa mga bata sa mga partikular na organisasyon na may pangangalaga, pangangasiwa at awtoridad sa mga bata.

Kabilang sa mga tungkulin ng Komisyon ang:

- hiwalay na pagbabantay at pagsubaybay sa mga tugon ng mga organisasyon sa mga paratang at paggawa ng mga rekomendasyon para mapahusay ang mga tugon na ito
- pagsuporta at paggabay sa mga organisasyon na tumatanggap ng mga paratang.

Hangad ng Pamamaraan na mapahusay ang mga tugon ng mga organisasyon sa mga paratang ng pang-aabuso sa bata at maling pag-uugali na may kaugnayan sa bata laban sa kanilang mga manggagawa at mga nagboluntaryo.

Mga kinakailangan para sa mga relihiyosong organisasyon

Obligasyon na ng mga relihiyosong organisasyon na:

- tumukoy o magtalaga ng **pinuno ng organisasyon**² – ang taong pangunahing may responsibilidad para sa pamamahala ng organisasyon ng anumang paratang ng pang-aabuso ng mga bata, at
- magtaguyod, kasama ng pinuno ng organisasyon, ng mga sistema para hadlangan at pigilan ang pang-aabuso, at mga proseso para sa pagtugon sa anumang paratang na maaaring mangyari.

Available ang karagdagang impormasyon sa pagtatalaga ng pinuno ng organisasyon sa <https://ccyp.vic.gov.au/reportable-conduct-scheme/for-organisations/#TOC-1>

Iniuutos ng batas sa mga relihiyosong organisasyon na seryosong harapin ang lahat ng paratang sa pang-abuso

-
- 2 Sa pagpapasya kung sino ang itatalaga, dapat mong isaalang-alang kung ang taong iyon ay:
- isang nakatatandang tao sa organisasyon
 - kayang gampanan ang mga responsibilidad ng pinuno ng organisasyon
 - naninirahan sa Victoria
 - pinapahintulutan ang pagtatalaga

ng bata at maling pag-uugali na may kaugnayan sa bata. Kung sinumang may makatuwirang paniniwala na ang dapat iulat na pag-uugali o maling pag-uugali na baka may sangkot na dapat iulat na pag-uugali, kailangan itong iulat ng pinuno ng relihiyosong organisasyon sa Komisyon. Narito ang maikling buod kung paano kilalanin at harapin ang dapat iulat na pag-uugali.

Mga paratang na dapat iulat na pag-uugali

- Mga sekswal na paglabag
- Sekswal na maling pag-uugali
- Pisikal na karahasan
- Pag-uugali na nagdudulot ng malalang emosyonal o sikolohikal na pinsala
- Malalang pagpapabaya

Pagkilala ng paratang

Kailangang iulat at imbestigahan ng mga organisasyon ang mga paratang ng dapat iulat na pag-uugali o maling pag-uugali na baka may sangkot sa dapat iulat na pag-uugali. May limang uri ng pag-uugali na dapat iulat sa Komisyon:

- Mga sekswal na paglabag laban sa, kasama ang, o sa harap ng, isang bata
- Mga sekswal na maling pag-uugali laban sa, kasama ang, o sa harap ng, isang bata
- Pisikal na karahasan laban sa, kasama ang, o sa harap ng, isang bata
- Pag-uugali na nagdudulot ng malalang emosyonal o sikolohikal na pinsala sa isang bata
- Malalang pagpapabaya sa isang bata.

Maaaring gawin ang mga paratang laban sa sinumang nagtatrabaho sa o sangkot sa isang relihiyosong organisasyong - kabilang ang mga empleyado, nagboluntaryo, opisyal, pinuno ng relihiyon, tagapagalaga, o kontratista. Kung hindi ka sigurado kung saklaw ang sinuman ng Pamamaraan, makipag-ugnayan sa Komisyon.

Kailangang iulat ang mga paratang tungkol sa pag-uugali ng mga taong inilarawan sa itaas, kahit na:

- wala silang direktang pakikipag-ugnayan sa mga bata
- naganap ang pag-uugali sa labas ng kanilang trabaho o responsibilidad sa organisasyon.

Maaaring magsampa ang sinuman ng dapat iulat na paratang. Para magsampa ng dapat iulat na paratang, dapat magkaroon ng makatuwirang paniniwala ang isang tao na ang isang manggagawa ng o nagboluntaryo sa organisasyon ay nagsagawa ng ipinaparatang na dapat iulat na pag-uugali.


Ang makatuwirang paniniwala ay higit pa sa hinala ngunit hindi nangangailangan ng patunay. Sa sandaling maitaguyod ang makatuwirang paniniwala, kailangang iulat ng pinuno ng organisasyon o ng itinalaga ang paratang sa Komisyon at pagkatapos ay imbestigahan ito,

pareho man sila ng paniniwala o hindi.

Kailangang abisuhan ng pinuno o itinalaga ng organisasyon sa Komisyon sa **lahat** ng dapat iulat na paratang at dapat ding imbestigahan ang bawat dapat iulat na paratang.

Maaaring mangyari ang dapat iulat na pag-uugali kung isinagawa ng isang nasa hustong gulang ang isa sa limang uri ng pag-uugali na nakalista sa itaas laban sa sinumang bata na wala pang 18 taong gulang. Kasama rito ang pag-uugali na kinasasangkutan ng isang bata, kahit na sangkot sa organisasyon ang bata o hindi. Hindi puwedeng makagawa ang bata ng dapat iulat na pag-uugali, pero puwedeng maging isang dapat iulat na pag-uugali ang papel na ginampanan ng mga nasa hustong gulang sa isang insidente na sangkot ang dalawang bata.

Pagsisimula ng pagkilos para sa Dapat Iulat na Pag-uugali



Kailan magsasagawa ng pagpaparatang

Dapat ipaalam ang lahat ng paratang sa pinuno o itinalaga ng organisasyon na kailangang iulat ang paratang sa Komisyon sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo. Kailangan ding sabihin sa Komisyon ang tungkol sa anumang aksyon na ginawa sa loob ng tatlong (30) araw ng kalendaryo.

Kung kriminal na pag-uugali ang paratang, dapat abisuhan kaagad ang pulisya. Maaari ding may mga opisyal sa loob ng relihiyosong organisasyon na kailangang maabisuhan. Kung hindi ka sigurado kung tungkol sa mga alalahanin sa dapat iulat na pag-uugali ang paratang, hinihikayat kang humingi ng karagdagang patnubay mula sa Komisyon.

Proseso ng imbestigasyon

1. Iulat ang paratang sa pulisya (kung kriminal)
2. Suriin kung dapat iulat ang paratang
3. Iulat ang paratang sa Komisyon (3 araw ng negosyo)
4. Magplano at magtaguyod ng isang imbestigasyon
5. Magsagawa ng masusi at patas na imbestigasyon
6. Gumawa ng ulat ng imbestigasyon
7. Gumawa o magrekomenda ng mga natuklasan
8. Iulat ang mga natuklasan sa Komisyon

Kailangang imbestigahan ang lahat ng dapat iulat na pag-uugali at maling pag-uugali na baka may sangkot na dapat iulat na pag-uugali. Kung magpasya ang pulisya na imbestigahan ang paratang, kailangang maghintay ang relihiyosong organisasyong para sa clearance ng pulisya bago magsagawa ng sarili nitong imbestigasyon. Sa lahat ng iba pang kaso, kailangang magtalaga at pamahalaan ng pinuno ng organisasyon ang isang imbestigasyon para itaguyod at tuklasin ang mga katotohanan at tungkol sa paratang (ang dapat iulat na pag-uugali).

Pagsisimula ng isang imbestigasyon sa dapat iulat na pag-uugali

Kailangang magtalaga ang pinuno o itinalaga ng organisasyon ng isang maaasahang tao para imbestigahan ang isang paratang ng dapat iulat na pag-uugali. Maaaring isa siyang tao mula sa loob ng organisasyon o isang hiwalay na imbestigador. Hindi dapat italaga ang mga imbestigador kung mayroon silang tunay o pinaghihinalaang salungatan ng interes na nauugnay sa paratang o sinuman sa mga taong kasangkot.

Kailangang magkaroon ang imbestigasyon ng malinaw na mga tuntunin ng sanggunian at isang plano, kabilang ang pagtukoy sa mga kakapanayamin at mga mapagkukunan ng ebidensya. Ang diskarte sa pakikipanayam sa isang bata ay iba sa pakikipanayam sa isang may sapat na gulang at nangangailangan ng maingat na pag-iisip at pagpapalano. Minsan, maaaring maging kanais-nais para sa imbestigador na humingi ng tulong mula sa isang taong may partikular na kasanayan at kadalubhasaan para kapanayamin ang bata. Kailangang mag-ingat sa pagkuha ng tiyempo ng anumang pakikipanayam sa paksa ng paratang.

Maaaring kabilang sa ebidensya para sa mga imbestigasyon ang:

- Pisikal na ebidensya hal. mga mobile, email
- Inspeksyon ng site hal. mga larawan, guhit
- Direktang ebidensya hal. mga saksi, panayam
- Ebidensiya ng eksperto hal. mga doktor, dalubhasa sa IT

Pagsisimula ng isang imbestigasyon sa dapat iulat na pag-uugali

May ilang prinsipyo para gabayan ang mga panayam na isasagawa sa panahon ng isang imbestigasyon, kabilang ang:

- Priyoridad ang pagprotekta sa mga bata
- Pagkapribado at pagiging kumpidensiyal - ang nilalaman ng panayam ay dapat na alam lamang ng mga taong kailangang makaalam nito
- Pagsasaalang-alang ng kultura at relihiyon - dapat igalang ang mga tradisyon at paniniwala
- Pagiging patas ng proseso - dapat ituring nang patas at may respeto ang mga tao.

Dapat na tipunin at suriin ng imbestigasyon ang ebidensya, at pag-isipan kung ang dapat iulat na pag-uugali ay mas malamang na naganap kaysa hindi.

Dapat ipahiwatig ng ulat sa pinuno o itinalaga ng organisasyon mula sa imbestigador kung napatunayan, hindi napatunayan, walang batayan, o pag-uugali na nasa labas ng saklaw ng Pamamaraan ang paratang.

Karaniwang isasangguni ng Komisyon ang mga napatunayang pagtuklas sa Yunit ng Pagsusuri ng Pakikipagtulungan sa Mga Bata (Working with Children Check) para sa muling pagtatasa ng paksa ng paratang na Pagsusuri ng Pakikipagtulungan sa mga Bata.

Mga uri ng natuklasan ng isang dapat iulat na imbestigasyon

Sa balanse ng mga posibilidad, ang paratang ay:

- Napatunayan
- Hindi napatunayan
- Walang batayan
- Pag-uugali sa labas ng Pamamaraan

Matatagpuan sa website ng Komisyon ang mas maraming detalye sa mga uri ng pagtuklas.

Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa Pamamaraan para sa Dapat Iulat na Pag-uugali sa pamamagitan ng:

Website: ccyp.vic.gov.au/reportableconduct

Email: contact@ccyp.vic.gov.au

Telepono: 03 8601 5281 o 1300 782 978



Interpreter

Kung kailangan mo ng tagasalin, tawagan ang Serbisyo sa Pagsasalin at Pagbibigay kahulugan sa 13 14 50 at hilingin sa kanila na makipag-ugnayan sa Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan sa 03 8601 5281.

Pamamaraan para sa Dapat lulat na Pag-uugali at mga Sanggunian ng mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata

Mga sheet ng impormasyon ng Pamamaraan para sa Dapat lulat na Pag-uugali - Patnubay para sa mga organisasyon

<https://ccyp.vic.gov.au/rcs-factsheets>

1. Tungkol sa Pamamaraan para sa Dapat lulat na Pag-uugali
2. Ano ang Dapat lulat na Pag-uugali
3. Mga pananagutan ng pinuno ng isang organisasyon
4. Pangkalahatang-ideya ng imbestigasyon
5. Iba pang pananagutan sa pag-uulat
6. Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata at Pamamaraan para sa Dapat lulat na Pag-uugali
7. Pag-uulat sa Komisyon
8. Pagtuklas ng mga Imbestigasyon
9. Sekswal na Maling Pag-uugali
10. Pisikal na Karahasan
11. Malalang Pagpapabaya
12. Mga Makasaysayang Paratang
13. Mga Manggagawa at Nagboluntaryo
14. Mga sariling imbestigasyon ng Komisyon

Mga isinalin na sheet ng impormasyon


<https://ccyp.vic.gov.au/child-safety/resources/translated-information-sheets>

- Arabic
- Burmese
- Chinese (Simplified)
- Chinese (Traditional)
- Dari
- Dinka
- English (plain)
- Greek
- Hindi
- Indonesian
- Korean
- Pashto
- Persian – Farsi
- Punjabi
- Somali
- Vietnamese




Gabay para sa mga organisasyon – Pag-iimbestiga ng Paratang tungkol sa Dapat lulat na Pag-uugali

<https://ccyp.vic.gov.au/guides>



Isang Gabay sa Paglikha ng Organisasyon kung saan Ligtas ang Bata



Mga Video at Pagtatanghal

<https://ccyp.vic.gov.au/guides>





COMMISSION FOR CHILDREN
AND YOUNG PEOPLE
